# JESUS.

# Pamumuhay sa Ilalim ng Pagka-Panginoon ni Cristo

**WEEK 3**

## WARM-UP

- Anong pag-aari ang palagi mong itinatago sa isang ligtas na lugar? Bakit ito mahalaga sa iyo?
- Ano ang isang pagkaing inaayawan mo noon na gusto mo na ngayon? Ano ang nagpabago sa isip mo?
- Paano mo ilalarawan ang iyong sarili ayon sa iyong mga ari-arian? Ituturing mo ba ang iyong sarili na isang dalubhasa sa pagtanggal ng mga hindi mo na ginagamit o nahihirapan kang gawin ito? Ipaliwanag ang sagot mo.

## WORD

1 *Binuhay kayong muli kasama ni Cristo, kaya sikapin*
*ninyong makamtan ang mga bagay na nasa langit*
*kung saan naroon si Cristo na nakaupo sa kanan ng*
*Diyos.* 2 *Doon ninyo ituon ang isip n'yo, at hindi sa mga*
*makamundong bagay.* 3 *Sapagkat namatay na kayo sa dati*
*n'yong buhay, at ang buhay ninyo ngayon ay nakatago*
*sa Diyos kasama ni Cristo.* 4 *Si Cristo ang buhay ninyo, at*
*kapag dumating na ang panahon na nahayag na siya,*
*mahahayag din kayo at makikibahagi sa kapangyarihan*
*niya at karangalan.* **COLOSAS 3:1–4**

(Basahin din ang **COLOSAS 3.**)

Inilarawan ni Pablo ang mga mananampalataya bilang mga namatay, na nabuhay muli kasama ni Cristo, at ang ating buhay bilang itinago ng Diyos na kapiling si Cristo. Nangangahulugan ito na ang ating lumang makasalanang buhay ay hinarap sa krus. Hindi lamang tayo pinatawad, kundi tayo rin ay nahiwalay sa kapangyarihan ng kasalanan. Sa buhay natin ngayon, nabubuhay tayo para sa Diyos. Sa araling ito, titingnan natin kung ano ang larawan ng pamumuhay sa ilalim ng pagka-Panginoon ni Cristo bilang resulta ng nabanggit na katotohanan.

## 1 Hinahanap at itinatakda natin ang ating mga isipan sa makalangit na mga bagay.

*[1]Binuhay kayong muli kasama ni Cristo, kaya **sikapin ninyong makamtan ang mga bagay na nasa langit** kung saan naroon si Cristo na nakaupo sa kanan ng Diyos. [2]**Doon ninyo ituon ang isip n'yo**, at hindi sa mga makamundong bagay.* **COLOSAS 3:1–2**

(Basahin din ang **COLOSAS 3:3–4.**)

Dahil namatay na tayo sa kasalanan, hindi na natin dapat ituon ang ating isipan sa pagtupad sa dati nating mga makasalanang pagnanasa. Sa ilalim ng pagka-Panginoon ni Cristo, namumuhay tayo ngayon nang may malapit na ugnayan sa Kanya bilang pinagmumulan ng ating buhay at dahilan ng ating pamumuhay. Makatwiran lamang na hangarin natin Siya at ang mga bagay ng Diyos. Kapag itinuon natin ang ating isip sa Kanya, kinikilala natin na Siya ang patuloy na laman ng ating mga isipan. Isinasaalang-alang natin kung paano Siya pasayahin at kung paano natin maipapakita ang ating pagmamahal sa Kanya. Ano ang mga resulta ng paglalagay ng ating isipan sa mga bagay ng Espiritu ayon sa Mga Taga-Roma 8:6?

................................................................................

................................................................................

## 2 Pinapatay natin ang anumang makamundo sa atin.

*[5]Kaya patayin n'yo na ang anumang kamunduhang nasa inyo: ang sekswal na imoralidad, kalaswaan, pagnanasa, at kasakiman na katumbas na rin ng pagsamba sa mga diyos-diyosan. . . . [8]Pero ngayon, dapat na ninyong itakwil ang lahat ng ito: galit, poot, sama ng loob, paninira sa kapwa, at mga bastos na pananalita.*
**COLOSAS 3:5, 8**

Ang pamumuhay na nakahiwalay para sa Diyos ay nangangahulugan ng pagpatay sa anumang pag-aari ng lumang makasalanang kalikasan. Hindi na tayo dapat maki-ugnay sa mga bagay na iyon, tulad ng hindi natin pakikipag-ugnayan sa mga taong namatay na. Ang ating mga dating paraan ay walang lugar sa isang buhay na kaisa ni Cristo. Maraming beses sa Banal na Kasulatan, ang buhay at kamatayan ay hindi

tungkol sa langit o impiyerno ngunit tungkol sa anumang karanasan o paglihis sa kalidad ng buhay na nais ng Diyos para sa atin. Paano inilarawan sa Mga Taga-Roma 6:12–13 ang katotohanang ito? Ano ang mga pakinabang ng pagpatay sa mga gawa ng dating makasalanang kalikasan?

## 3 Isinusuot natin ang pag-ibig ni Cristo.

*[12]Kaya bilang mga banal at minamahal na mga pinili ng Diyos, dapat kayong maging mapagmalasakit, maganda ang kalooban, mapagpakumbaba, mabait at mapagtiis. [13]Magpasensiyahan kayo sa isa't isa at magpatawaran kayo kung may hinanakit kayo kaninuman, dahil pinatawad din kayo ng Panginoon. [14]At higit sa lahat, magmahalan kayo, dahil ito ang magdudulot ng tunay na pagkakaisa.* **COLOSAS 3:12–14**

Bilang minamahal ng Diyos ngayon na itinalaga para sa Kanya, dapat nating isuot ang pag-ibig na natanggap natin mula kay Cristo. Isinuot natin ang ating bagong pagkatao, na binabago upang maisalamin natin ang Diyos. Habang itinuturing natin ang ating sarili na patay na sa kasalanan at itinalaga para sa Diyos, natututo tayong magmahal at magpatawad sa iba tulad ng pagmamahal at pagpapatawad Niya sa atin. Sa ilalim ng Kanyang pagka-Panginoon, tayo ay nagiging mas mahabagin, mabait, mapagpakumbaba, maamo, at matiyaga sa iba. Ano ang sinasabi ng Colosas 3:17 tungkol sa nakakahikayat sa atin na kumilos para sa ikabubuti ng mga nakapaligid sa atin?

## APPLICATION

- Pag-isipan ang Colosas 3:3 at Mga Taga-Galacia 2:20. Ano sa palagay mo ang ibig sabihin ng mga ito? Maglaan ng ilang oras upang pagnilayan ang mga talatang ito sa darating na linggo.
- Saan mo itinuon ang isipan mo nitong nakaraang linggo? Paano ito nakaapekto sa kalidad ng iyong buhay at kaugnayan sa Diyos at sa iba pa?
- Paano mo naranasan ang pag-ibig ng Diyos? Sa palagay mo, paano mo maisusuot ang pag-ibig ng Diyos sa linggong ito? Paano kaya ito makikita? (hal., pagpapatawad, pakikiramay, pagkakasundo)

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagdadala sa iyo sa Kanyang kaharian, kung saan ang Kanyang pag-ibig ay mas mahalaga kaysa anumang bagay na matatagpuan natin sa lupa. Ipanalangin na patuloy mong maipamuhay ang isang buhay na nakatago kay Cristo.
- Manalangin para sa Kanyang biyaya habang ikaw ay patuloy na nagbabago upang maging higit na katulad Niya, na pinapatay kung ano ang makamundong nasa iyo.
- Hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo kung kanino ka maaaring magpakita ng pagmamahal (habag, kabaitan, pagpapakumbaba, pasensya, pagpapatawad). Ipagdasal na ikaw ay magmahal at umakay ng mga tao kay Cristo.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2024 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Ruth Suson-Gloria

victory.org.ph